

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tomo 4 Blg. 5 • Setyembre-Oktubre 2016

#NATIONAL CARABAO CONFERENCE 2016 nagsipag. nagnegosyo. nagtagumpay!

Ni Ma. Cecilia Irang

“Nagsipag... Nagnegosyo... Nagtagumpay!”

Sa temang ito iinog ang ikalawang taon ng pagdaraos ng “National Carabao Conference (NCC)” na gaganapin sa Nobyembre 14-16 sa national headquarters at gene pool ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Science City of Muñoz.

Layunin ng taunang komperensya na pagsama-samahin ang mga kalahok, katiwala, at lahat ng may pakinabang sa industriyang salig sa kalabaw.

Gagawin din itong daluyan ng mga mahahalagang impormasyon upang maibahagi at maipalaganap ang mga teknolohiya, kasanayan, mga ideya patungkol sa industriya at mga wastong pamamaraan na naisagawa na ng mga magsasakang nagtagumpay sa kani-kanilang mga pinagkakakitaang negosyong salig sa kalabaw at nang sa gayon ay

mapakinabangang maigi ng mas nakararaming magsasaka.

Dadalo sa nasabing malakihang pagtitipon ang mga magsasakang-maggagatas na inaasistehan ng PCC, mga kabalikat, mga negosyante, mga opisyaes ng lokal na pamahalaan, mga

representante mula sa iba't-ibang ahensiya n g

gobyerno at pribadong mga organisasyon na katuwang ng PCC sa *Carabao Development Program (CDP)*.

Inaasahan ding makadadalo si Secretary Emmanuel “Manny” Piñol ng Department of Agriculture sa okasyon upang magbigay ng kanyang mensahe para sa programa at makaharap ang mga maggagatas sa isang “pulong-dunong” o *open forum*.

Ayon kay Wilma Del Rosario, **(Sundan sa p.3)**



Pagsasanay sa mga magsasakang nais mag-alaga ng gatasang kalabaw, isinagawa sa Buliran, San Antonio

Ni Zane Francis Alejo

Kaalaman sa industriya ng pag-aalaga, pagpaparami at paggagatasan ng kalabaw, ito ang ibinahagi sa mga magsasaka ng barangay Buliran sa San Antonio, Nueva Ecija na nagnanais na pumalaot sa industriyang ito.

Ang pagbabahagi ng mga kaalaman ay ipinagkaloob ng mga tauhan ng PCC sa dalawang araw na “Basic Buffalo Management Training” na ginanap mismo sa nasabing barangay.

Pinangunahan ni Dr. Peregrino Duran, PCC *Scientist I* ang pagkaloob ng mahahalagang kaalaman sa kapakanan ng may 50 magsasaka na dumalo sa pagsasanay.

Ginanap ang pagsasanay nitong nakaraang Setyembre 14-15.

Siniguro ni *Senior Science Research Specialist* Wilma Del Rosario, kasalukuyang *officer-in-charge* ng *National Impact Zone coordinating unit*, na hindi pababayaan ng PCC ang mga kabalikat nitong magsasaka sa pagsusulong ng kabuhayang salig sa kalabaw mula sa pagsisimula hanggang sa sila’y makadama ng pag-assenso sa buhay.

“Maligayaang PCC namakapagbigay ng panibagong oportunidad sa ating mga magsasaka para magkaroon ng panibagong mapagkakakitaan,” ani Del Rosario. “Buong-buo ang ating pag-asa na matatamasa ninyo ang tagumpay sa ilalim ng programa nating ito kung kayo’y ganap na magsisikahay,” dagdag

niya.

Tinalakay naman nina *Science Research Specialist II* Estella Valiente, *Project Development Officer II* Mario Delizo, *Science Research Specialist* Dr. Joram Gautane, at *Supervising Livestock Specialist* Genaro Candelaria ang iba’t-ibang paksang may kinalaman sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw at ang mga maaaring tamuhing mga pakinabang.

Inilarawan ni Valiente ang mga negosyong uubrang pasukin kapag nakakukuha na ng gatas mula sa kalabaw at iba pang mga pagkakakitaan mula rito, Ipinaliwanag naman, sa kabilang dako, ni Delizo ang mga *breed* o lahi ng gatasang kalabaw at kung paano ang wasto at mahusay na pangangalaga.

Nagbahagi naman si Gautane ng kaalaman ukol sa mga paksang *body condition scoring* at pangangasiwa sa kalusugan ng mga hayop upang masiguro na ang alagaing kalabaw ay magbibigay ng kanais-nais na dami ng gatas kada araw.

Wastong pag-aalaga naman ng bulo ang ibinahagi ni Candelaria.

Tinalakay din nina Delizo at Valiente ang wastong paggagatas, tamang pag-iingat sa kalinisan ng gatas, angkop na pagpapakain at pagbibigay ng kaukulang nutrisyon sa alagang hayop upang matamo ang higit na mataas na ani ng gatas.

Lubos naman ang pasasalamat **(Sundan sa p.3)**

Shared Service Facility ng DTI nagpapaunlad sa operasyon ng kooperatiba; EPMPC napiling panlaban sa pambansang kumpetisyon

Ni Ma. Cecilia Irang

Kapag gawaing paggagatas ng kalabaw ang pag-uusapan, mayroon nang nakabuong larawan agad sa isip kung paano ito isinasagawa ng magsasakang-maggagatas.

Kabilang sa larawang ito ay ang pagbangon ng magsasakang-maggagatas ng madaling araw para paliguan ang mga alagang kalabaw na gagatasan, paglilinis ng mga suso nito, paghahanda ng timba at katsang gagamitin sa pagsahod ng gatas, at ang nakangangawit na paggagatas nang manu-mano na karaniwa'y tumatagal ng ilang oras.

Nguni't ang ganitong senaryo ng mga magsasakang-maggagatas ay nababago na. Wika nga'y pinaunlad na ng kagamitan at teknolohiya. Matutukoy na ang pagpapamahagi ng mga bagong pasilidad sa paggagatas ng Department of Trade and Industry (DTI) sa ilalim ng proyekto nitong *Shared Service Facility (SSF)* ay malaki ang ginampanan sa pagbabagong ito.

Isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng PCC na napagkalooban ng mga pasilidad sa paggagatas sa ilalim ng proyekto ng DTI ay ang Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) na matatagpuan sa barangay Sibut, San Jose City.

“Malaking kaginhawaan ang naidulot ng SSF dahil mas lumaki ang naging kita namin sa kooperatiba at naging daan ito para matulungan din kaming mga miyembro na matustusan ang pag-aaral ng aming mga anak. May iba na rin na nakapagpatapos na ng anak dahil sa kita mula sa kooperatiba” -- Melchor Correa

Ayon kay Melchor Correa, *chairman* ng EPMPC, noong wala pa ang naipagkaloob na mga kagamitan sa kanilang kooperatiba, ang nakagawiang operasyon nila sa paggagatas ay manu-mano na sinasahod gamit ang kanilang timba at sinasalin sa basyo ng lalagyan ng inuming tubig na may kapasidad na maglaman ng anim na litro.

Ang mga naipagkaloob na mga kagamitan ng DTI ay tig-dadalawang *units* ng *mechanized milking machines*, *window-type upright chiller*, *vacuum sealer*, at *stainless steel milk container* na may 40-L *capacity*. Ang mga ito ay halinhinang nagagamit ng mga miyembro sa kanilang gawain.

Sa *milking machine*, ayon sa eksperto, nagiging mas mabilis at madali ang paraan ng pagkuha ng gatas ng kalabaw kaysa manu-manong paraan. Binubuo ang makinang ito ng mga bahaging *vacuum tube*, apat na *teat cups*, *receiver*, *milk hose* at *cooling tank*.

Ayon pa rin sa mga eksperto,



Si Melchor Correa (pangatlo mula sa kanan, *chairman* ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative kasama ang miyembro ng kanilang kooperatiba, habang tinatanggap ang kanilang sertipiko ng pagkilala sa kooperatiba bilang “Best Provincial SSF”. (Kuha ni RGBumanlag)

naiwasan ang kontaminsayon ng gatas sa paggamit ng *milking machine*. Una ay sa dahilang hindi na nga ito manu-mano at pangalawa ay dahil na rin sa *cooling tank* na mabilis na pinalalamig ang gatas hanggang 4°C sa loob ng tatlong oras.

“Sa manu-manong paggagatas, dalawang oras ‘yong itinatagal ng gawain sa 10 kalabaw. Masakit na

nagkakasya ang lahat ng produkto namin pero ngayon sa *window-type upright chiller* ay nagkakasya na lahat ng produkto namin at naibibigay pa namin ‘yong demand ng aming mga mamimili,” paliwanag ni Correa.

Ayon sa kanya, ang *upright chiller* ay nakatutulong sa *handling* at *storage* ng kanilang mga nakolektang gatas para maiwasan ang pagkasira nito. Isang pakinabang din para sa kanila na *transparent* ang *equipment* na ito dahil madaling nakikita ng mga mamimile ang mga produktong naka-*display*.

Sa kabilang banda, napananatili naman nila, aniya, sa pamamagitan ng *stainless steel milk container* ang kalidad ng gatas mula sa lugar na pinagkolektahan nila hanggang sa dalhin ito sa *collection center*.

Pakinabang mula sa SSF

Noong wala pa ang SSF, ayon kay Melchor, ang EPMPC ay hindi masyadong makausad dahil wala pang mga kasangkapan na nagagamit ang mga miyembro para sa pagpoproseso ng gatas na nakokolekta nila kung kaya't madalas ang pagkakataong nasisiraan sila ng gatas.

Nguni'tsimulangmapagkalooban ng SSF ang kooperatiba, mas naging masigla ang pagbebenta nila ng gatas. Naipagbibili na nila ang kanilang mga produkto sa tamang presyo at madalang na silang masiraan ng gatas. Bukod pa rito, nakapagdadagdag pa sila ng mas maraming mga produkto.

“Malaking kaginhawaan ang naidulot ng SSF dahil mas lumaki ang naging kita namin sa kooperatiba at naging daan ito para matulungan din kaming mga miyembro na matustusan ang pag-aaral ng aming mga anak. May iba na rin na nakapagpatapos na ng anak dahil sa kita mula sa kooperatiba,” ani Melchor.

(Sundan sa p.3)

Proyektong SSF

•Isang pangunahing pantulong na mga kagamitan sa programa ng DTI para sa kapakanan ng *Micro Small and Medium Enterprise (MSME) Development Program*. Layunin nitong mapaunlad ang taglay na kahusayan ng mga MSMEs sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga makinarya, kasangkapan, kagamitan, sistema, kakayahan, at kaalaman sa ilalim ng “shared system”.

•Isinasakatuparan ang proyektong SSF sa buong bansa sa pamamagitan ng *partner-cooperators* na tulad ng *non-government organizations*, *people's organizations*, mga kooperatiba, asosasyon, lokal na pamahalaan, *academic* at *training institutions*.

•Nasa 15 *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija ang napagkalooban na ng mga pasilidad sa paggagatas sa ilalim ng *SSF projects*. Ang kabuuang halaga ng mga ito ay umabot na sa Php3,636,569.

•Ang SSF ay kailangang gamitin at ipahiram din sa iba pang miyembro ng kooperatiba. Babawiin ang naipagkaloob na kagamitan kapag hindi ito ginagamit ng *eligible cooperators*.

DTI, naghandog ng ayudang kagamitan sa mga maggagatas sa Cabiao

Ni Reshel Joy Jara

Pinagkalooban kamakailan ng Department of Trade and Industry (DTI) ng mga mahahalagang kagamitan sa paggagatas ang Bagong Pag-asa ng Magsasaka Multipurpose Cooperative (BPMCC) sa San Fernando Norte sa bayan ng Cabiao.

Nagkakahalaga ng Php300,000, ang mga kagamitan ay binubuo ng *milking machine* at *milk cans*. Ang mga ito'y ipinagkaloob ng DTI sa ilalim ng programa nitong *Shared Service Facility (SSF)*.

Ang BPMCC ang pang-15 nang kooperatiba sa paggagatas sa Nueva Ecija na napagkalooban ng kahalintulad na mahalagang gamit sa pagpapanatili ng kalinisan ng inaang gatas ng kalabaw.

Isang seremonya na kaugnay sa pagkaloob ng mga kagamitan ang idinaos sa bakuran nina Rosalina Licarte, Treasurer ng nasabing kooperatiba. Ito'y dinaluhan nina DTI Provincial Director Brigida Pili, DTI Division Chief Eladio Duran, PCC Senior Science Research Specialist at NIZ Coordinator Wilma Del Rosario, BPMCC Chairman Ponciano Herera, Barangay Captain Generato Dela Cruz at mga opisyal at kawani ng *municipal agricultural office* at *local government unit* ng Cabiao.

Sinabi ni Director Pili na ang *SSF program* ay sadyang naghahangad na mapataas ang produksiyon at kalidad ng *Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs)* sa pamamagitan ng pagpapahiram ng mga makinarya at iba pang kagamitan na maaaring magamit sa produksiyon ng iba't-ibang produkto.

"Napili ang BPMCC na mapagkalooban ng mga kagamitan ito dahil pumasa ito sa pamantayan ng DTI. Ang kooperatibang ito ay sadyang matatag sa larangan ng paggagatas," ani Pili.

Ang BPMCC ay ganap na naitatag taong 2009. May 42 aktibong miyembro ngayon na nag-aalaga, may kabuuang 31 *purebred* na gatasang kalabaw at isang bulugan na nasa pangangalaga ng mga miyembro, at ang kanilang naaang gatas ay tatlo hanggang apat na litro sa isang araw sa bawat isang kalabaw. Ito'y kanilang isinasalin sa bote at inilalako sa



Si DTI Provincial Director Brigida Pili kasama si Chairman Ponciano Herera habang nilalagdaan ang kasunduan sa pagkaloob ng kagamitan sa paggagatas. (Kuha ni WMDelRosario)

halagang Php25 bawat isa.

Sinabi naman ni Barangay Captain Dela Cruz: "Isang sorpresa sa amin ang mapagkalooban ng *milking machine* at *milk cans* ng DTI provincial office. Natitiyak namin na lalo itong magpapaunlad ng aming samahan. Nagpapasalamat din kami sa PCC dahil sa dinamirami ng nag-aplay ay kami ang pinalad na mabiyayaan."

Si Del Rosario ay nagpahayag naman ng ganito: "Nagpapasalamat ako sa DTI sa patuloy na pagsuporta sa *dairy industry* ng Nueva Ecija. Malaking tulong ito upang gumanda ang kalidad ng mga aning gatas dito sa Cabiao."

Idinagdag ni Del Rosario na kanyang ibinilin sa BPMCC na ingatan nila at pakamahalin ang mga kagamitan ito dahil hindi lahat ay puwedeng mabigyan ng katulad nito. Kanyang tinukoy na kaya't napili ang koop na ito ay dahil tiyak ang pagiging matibay nito at patuloy pang gumagawa ng mga hakbang upang lalong mapaunlad ang kanilang mga gawain.

Lubos naman ang pasasalamat ng BPMCC sa DTI at nangakong iingatan ang ipinagkaloob na kagamitan. Kanila umanong gagamitin ng maayos ang mga ito upang mas mapalago pa ang kanilang paggagatas.

#NATIONAL CARABAO... (mula sa p.1)

National Impact Zone (NIZ) coordinator ng PCC at pangkalahatang tagapanguna ng ikalawang NCC, magkakaroon ng iba't-ibang sesyon at mga tagapagsalita sa pinalulutang na kaisipan sa tema.

Sa temang "nagsipag", ang mga magbabahagi ng kanilang kwento ay mga magsasakang nagsumikap na paunlarin ang antas ng kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng mga gatasang kalabaw. Kanila ring isasalaysay ang mga pamamaraang isinagawa sa ilalim ng *value chain* at paggamit ng mga karampatang teknolohiya sa kani-kanilang gawain.

Sa tema namang "nagnegosyo", itatampok ng mga negosyante ang mga negosyong salig sa kalabaw na kanilang itinaguyod at ang mga nalikhang mga produkto na galing sa gatas, karne, at balat ng kalabaw. Kanilang ibabahagi ang matagumpay na karanasan sa paggawa ng *ice cream, pastillas, tapa, chicharong* kalabaw at iba pa.

Sa "nagtagumpay", ito'y kapapalooban ng mga testimonya ng mga maggagatas ukol sa mga

kabutihang naidulot ng programang gatasang kalabaw sa pamilya at sa pagtatagumpay ng bawat miyembro ng pamilya. Isasalaysay ng mga magsasakang ito sa tulong ng *video presentation* ang mga istorya kung paanong sa tulong ng gatasang kalabaw ay nakatapos ng pag-aaral sa kolehiyo ang kanilang mga anak.

Lumilitaw na sa ngayon ay marami nang mga anak ng mga magsasaka na dati'y walang pag-asang makatungtong ng kolehiyo ang nakatapos ng kani-kanilang kurso sa tulong ng kita ng mga magulang mula sa gatasang kalabaw. Sila ngayon ay nagsisipagtrabaho na at nakintal na sa puso nila ang matayog na pagtingin sa gatasang kalabaw bilang maaasahang kaagapay na tunay sa pamumuhay.

Maliban sa mga gawaing nakapaloob sa bawat sesyon, magkakaroon din ng eksibit na magtatampok ng mga produktong mula sa kalabaw, *Knowledge Café (media forum)*, "Tagay-Pugay", "Pulong Dunong" at tanging oras para makita ng mga panauhin ang iba't-ibang pasilidad ng PCC.

Pagsasanay sa mga... (mula sa p.1)

sa mga kinatawan ng PCC ng mga magsasakang dumalo sa pagsasanay.

"Nagagalak kami na sinadya ninyo kami sa aming barangay upang kami'y mabigyan ninyo ng sapat na kaalaman sa tamang pag-aalaga ng kalabaw", pahayag ng isang magsasakang dumalo sa pagsasanay.

Ang kanyang saloobin ay ibinahagi

niya sa pagtatasang ginawa sa pagtatapos ng pagsasanay.

Sinabi ng mga tagapagsanay na handang-handa na raw ang mga magsasakang dumalo sa pagsasanay na bumuo ng isang kooperatiba na nakatuon sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Shared Service Facility... (mula sa p.2)

Ayon sa kanya, napagkasunduan nila na ang gagamit lang muna ng *milking machine* ay iyong mga miyembrong maraming ginagatang kalabaw para mas mapabilis ang kanilang gawain.

Iyong mga miyembrong isa o dalawang kalabaw lang ang ginagatan ay hindi muna nila pinagagamit ng *milking machine* sa kadahilanang baka masanay naman ang kalabaw sa makina at hindi na magbigay ng gatas kapag manu-mano itong ginawa.

Dahil sa magandang sistema at mahusay na pagsunod sa patakaran ng DTI, ang EPMPCC ay ginawaran ng parangal na "Best Provincial SSF" noong nakaraang Mayo 5 sa Subic Convention Center. Ang kooperatiba ay pinagkalooban ng *gift certificate* na nagkakahalaga ng Php20,000.

"Tinutulungan ng DTI sa pamamagitan ng SSF ang MSMEs upang maitaas ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan sa ating bansa. Ang layunin natin ay

mapababa ang insidente ng kahirapan sa ating kanayunan," paliwanag ni DTI Provincial Director Brigida Pili.

Ayon kay Marilou Santos, *trade and industry development specialist* ng DTI, higit na nakatulong ang suporta ng DTI hindi lamang sa EPMPCC mismo kundi maging sa mga miyembro nito. Dahil sa SSF, tumaas ang *milk production* ng kooperatiba ng mahigit 41% at ang benta nito ng 79%.

"Sa ngalan po ng aming kooperatiba, kami po ay taus-pusong nagpapasalamat sa DTI sa kanilang programang SSF. Damang-dama namin ang naidulot na pakinabang nito sa kooperatiba, sa kabuhayan ng mga maggagatas at sa aming komunidad," pahayag ni Melchor.

Dahil na rin sa pagiging mahusay na *SSF project beneficiary*, napiling ilaban ng DTI Region III ang EPMPCC sa *national level competition* ng "Best SSF". Inaasahang ipahahayag ang magwawagi sa kumpetisyon sa gaganaping "National SSF Summit" sa Davao City.

Muling pagsasanay sa wastong pagpoproseso, pagpapanatili ng mahusay na kalidad ng gatas ng kalabaw isinagawa

Ni Zane Francis Alejo

Muling binigyang-diin ang wastong pagpoproseso at pagpapanatili ng kalidad ng gatas ng kalabaw sa idinaos na pagmumuling-sanay na isinagawa ng Philippine Carabao Center (PCC) na idinaos sa gusali ng National Impact Zone (NIZ) nito kamakailan.

Dumalo at lumapok sa nasabing “Refresher Course on Milk Handling and Quality Control” ang 15 magsasakang-manggagatas na mula sa iba’t-ibang *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija.

Sinabi ng mga pinuno ng tanggapan na nilayon ng pagsasanay ang pagsasariwa at gayundin pagbibigay ng dagdag na kaalaman ukol sa pangangasiwa sa inaang gatas upang mapanatili ang mataas na kalidad nito.

Tinalakay ni Mina Abella, pinuno ng *Product Development Unit* ng PCC, ang temang “Managing Milk Quality Along Supply Chain”. Sa kanyang pagtalakay, binigyan niya ng ganap na larawan ang “milk supply chain”, kaukulang kalinisan sa pangangasiwa sa gatas, pagkokolekta ng aning gatas at pagdadala nito sa sentro ng pagpoproseso, at pagsasapamilihan nito.

Si Frederick Bacani, *Science Research Assistant*, naman ang nagpaliwanag sa “Milk Quality Evaluation and Standards” at pagsusuri sa kalidad ng gatas.

“Naipaliwanag na po namin ang mga bagay-bagay ukol sa inaani ninyong gatas at wala na kaming nakikitang dahilan pa na hindi ninyo maisagawa ang mga tamang hakbangin,” sabi ni Wilma del Rosario, NIZ Coordinator. “Sana po sa pag-uwi ninyo, palagian na po



Ang mga kalahok habang isinasagawa ang “lactometer test” bilang bahagi ng kanilang pagsasanay sa wastong pagpoproseso at pagpapanatili ng mahusay na kalidad ng gatas ng kalabaw nitong Oktubre 18. (Kuha ni ZFAlejo)

ninyong isagawa ang mga natutunan natin,” dagdag pa niya.

Binigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na masubukan ang “platform test” na kinabibilangan ng pagkuha sa temperatura, amoy, pagtingin sa kulay at pagtikim sa gatas (*Organoleptic*), “*Alcohol Precipitation Test*”, “*Clot on Boiling Test*”, “*Lactometer at Acidity Tests*”, “*Percentage of Titratable Acidity*” na gamit ang “pH meter”, at

pagsasatalaan sa “Recording Milk Evaluation Logbook” at “Milk Test Slip”.

Bago natapaos ang isang araw na pagsasanay, sinabi ng isa sa mga kalahok:

“Nagpapasalamat po kami dahil sa ang *refresher course* na ito ay nakatulong ng malaki sa amin. Ikinatutuwa po namin ang pagpunta n’yo ng madaling araw para maging tiyak ang kahusayan ng kalidad ng

gatas na aming inaani.”

Ginanap ang pagsasanay bilang isa sa mga tampok na proyekto ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) upang makatulong sa mga nag-aalaga ng kalabaw na magkaroon ng kasanayan ukol sa pagpapahusay pa ng kalidad ng kanilang inaang gatas sa kanilang mga inaalaang hayop.

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

Rowena Galang-Bumanlag
Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Tagapamahalang Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Reshel Joy D. Jara
Zane Francis S. Alejo
Mga Manunulat

Chrissalyn L. Marcelo
Tagapamahala ng Sirkulasyon/Layout

Jan Czarina M. Salas
Tagadibuho

Eric P. Palacpac
Wilma T. del Rosario
Mga Tagapayo

Anselmo S. Roque
Kasangguni

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap